## 2nd Period　Paraan ng paggamit ng smartphone ng mga bata

### Ano ang ginagawa ng mga bata sa smartphone?

Sa kasalukuyang panahon, anong ginagawa ng mga bata sa smartphone?

Nagtanong ako sa mga bata tungkol dito.

**☆Social Media　☆Online Game　☆Panonood ng Video**

Ayon sa kanilang sagot, aliwan o libangan daw ang pangunahing layunin.

Sa pamamagitan ng internet, kumokonekta ang mga bata sa tunay na kaibigan o taong mag-share ng libangan at iba pang mga interes. Sa kabila nito, sila ay may posibilidad na nakakakonekta sa delikadong tao na may masamang isip nang hindi nila namalayan.

Ang mga bata ay may posibilidad na ipaalam ang pangalan o numero ng telepono, ipadala ang litrato at makipagkita sa isang tao na nakilala sa internet nang walang duda.






### Social Media at Online Game na ginagamit ng mga bata

**○X(dating Twitter)**

Ito ay ginagamit upang magpaalam o mangolekta ng impormasyon. Maaaring ipost o ishare ang maiksing sentensya, larawan at video. Bukod dito, may tungkulin na ipadala ang comment o mensahe nang deretso laban sa post.

**○Instagram**

Maaaring ipost o ishare ang larawan, video, comment at mensahe. “INSTA-BAE”(Instagramable) ang isang sikat na coined word ng wikang Hapon tungkol dito. Bukod dito, “stories” ang isang tungkulin na maipost ang larawan at video nang pansamantalang hindi higit sa 24 oras.

**○TikTok**

Bukod sa tungkulin na ipost o ishare ang short video, maaari ding kunin o i-edit ang movie sa pamamagitan ng app na ito.

**○Dating apps at Chatting apps**

Maaaring tumawag o makipag-chat sa ibang tao na nakilala sa pamamagitan ng apps na ito. Kadalasan, nililimitahan na gamitin ito upang makipag-date.

**○Online Game**

Ito ang isang klase ng game na kailangang kumonekta sa internet sa pamamagitan ng smartphone, tableta at kompyuter. Hindi kailangang magbayad para sa normal na paglalaro ngunit kadalasan may systema ng pagbabayd ng ekstra.

**[Problema]**

Sa social media, mataas ang posibilidad na madamay sa kaguluhan o krimen kung gagamitin ito upang manira, magpost nang hindi tama at makipag-date.

Sa online game, paminsan -minsan nakikita ang problema na magbayad ng mahal, adik sa game at iba pa.



Hindi masama ang Social Media at Online Game, may problema sa paraan ng paggamit.